


AVONIC

# USER MANUAL


TAGALOG VERSION

## PAANO ITO GUMAGANA?

### ANG MATALINONG TAGA BANTAY

Kadalasan, ang AVONIC ay nagsisilbing isang "matalinong tagabantay" na patuloy na nagmamasid sa kapaligiran sa loob ng bin.

### Nagbabantay sa Init! ✓





Kung masyadong uminit ang bin (higit sa 30°C), awtomatikong mag-i-spray ang sistema ng malamig na mist para pababain ang temperatura.

### Sinusuri ang Halumigmig ✓

Kung masyadong matuyo ang lupa, bubuksan nito ang mga sprinkler upang panatilihing hydrated ang mga uod.



### Nag-aalis ng Masamang Hangin ✓




Kung maipon ang mga nakakapinsalang gas tulad ng ammonia, bubuksan nito ang exhaust fan upang ilabas ang mga ito.


### DUAL POWER SYSTEM

**Direktang Kuryente**

Kapag may kuryente, pinapagana ng Smart Battery Charger ang makina nang direkta mula sa saksakan.




**Backup na Baterya**



Kung magka-brownout, awtomatikong lilipat ang sistema sa built-in na Sealed Lead-Acid Battery nang walang patid o abala.

### MAHALAGANG PAALALA

Palaging panatilihing nakasaksak ang charger para handa ang backup na baterya sa oras ng emergency!






### ANG IYONG GAGAWIN

Hindi 100% awtomatiko ang sistema. Kailangan mo pa ring lagyan ng tubig ang tangke kapag paubos na ito, at manwal na anihin ang Vermicast at Worm Tea kapag handa na ang mga ito.


## PANO I-SETUP

### OFFLINE


**1 KUMONEKTA NANG LOKAL**



- Buhayin (Turn on) ang iyong AVONIC machine
- at kumonekta sa lokal na WiFi network ng AVONIC bin.




**2 MAG-LOG IN**



- Mag-log in gamit ang ibinigay na account.

**3 HAYAAN ITONG GUMANA**
(O IKAW ANG KUMONTROL)




- Ito ay isang Awtomatikong Sistema at hindi mo kinakailangang gumawa ng mga manwal na aksyon.


OR




- Ang mga manwal na opsyon ay naroon lamang para bigyan ka ng kalayaang pumili bilang user.

### ONLINE


**1 PUMUNTA SA WEBSITE**




- Pumunta sa online website ng Avonic.

https://avonic-dashboard-production.up.railway.app


**2 MAG-LOGIN O MAG-REGISTER**




- Mag-login sa iyong kasalukuyang account o mag-register para sa isang bagong account.

**3 I-CLAIM ANG IYONG BIN**

- Pumunta sa Settings, tapos doon sa claimed bins card, pindutin ang '+ Claim'.




- I-type ang natatanging ID number na nakaimprenta sa iyong manwal upang ikonekta ang iyong sistema.

